# Paggamit ng Tubig

## Ang fact sheet na ito ay nagbibigay impormasyon sa proseso ng pagsingil sa paggamit ng tubig ng Mission Australia Housing (MAH).

### Paano ipapaalam sakin ang tungkol sa singil sa konsumo ko ng tubig?

**Ipapaalam sa mga nangungupahan ang tungkol sa singil sa konsumo ng tubig para sa kanilang ari-arian ng kanilang Housing Manager sa simula ng kanilang pangungupahan at habang sila ay nangungupahan.**

Ang mga nangungupahan ay bibigyan ng welcome kit sa simula ng kanilang pag-upa na naglalaman ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagsingil sa paggamit ng tubig ng Mission Australia Housing (MAH).

### Paano ako sisingilin ng paggamit ng tubig?

- **Mga ari-ariang may sariling metro:** Ang mga nangungupahan sa mga ari-arian na may sariling metro ay kalimitan sisingilin ayon sa bill na ibibigay ng awtoridad sa tubig sa sariling metro. Ang mga nangungupahan ay sisingilin lamang ng paggamit ng tubig. Ang ibang sinisingil gaya ng koneksyon at alkantarilya ay babayaran ng MAH.
- **Mga ari-ariang may kahati sa metro (para sa mga nasa NSW):** Ang ilang ari-arian ng MAH ay may pinaghahatian na metro. Ang ibig sabihin ay nasusukat ng meto ang kabuuang gamit ng tubig para sa higit sa isang unit.

  Sa ilalim ng NSW Residential Act 2010 at ng Community Housing Water Charging Guidelines, ang mga nangungupahan na nakatira sa ari-arian na may pinaghahatiang metro ay maaring singilin sa paggamit ng tubig. Ang mga nangungupahan ay sisingilin ng bahagi ng kabuuang dapat bayaran ayon sa dami ng kwarto at dami ng miyembro ng sambahayan. Ang ginagamit na tubig sa mga pangkalahatang lugar ay ibabawas sa dapat bayaran.
- **Mga ari-ariang may kahati sa metro (TAS & VIC):** Ang mga nangungupahan sa mga ari-ariang may kahati sa metro sa Tasmania at Queensland ay hindi sisingilin ng paggamit ng tubig kung hindi malalaman ang indibidwal na pagkonsumo.
- **Ang mga naninirahan sa crisis accomodation** ay hindi sisingilin sa paggamit ng tubig.
- **Walang emtro ng tubig:** Kung ang ari-arian ay walang metro ng tubig, ang mga nangungupahan dito ay hindi sisingilin sa paggamit ng tubig

### Paano ko babayaran ang singil sa paggamit ng tubig?

- Ang mga nangungupahan na sisingilin sa paggamit ng tubig ay hinihikayat magbayad ng regular sa kanilang konsumo ng tubig kasama ang bayad sa upa.
- Ang MAH ay magbibigay ng invoice para sa konsumo ng tubig sa sa loob ng 30 araw matapos matanggap ang singil mula sa awtoridad ng tubig. Ang mga nangungupahan ay padadalhan ng orihinal na sinigl ng awtoridad ng tubig kasama ang invoice ng MAH.
- Ang mga nangungupahan ay pagbabayarin sa loob ng 30 araw matapos matanggap ang invoice. Ang takdang petsa ay makikita sa invoice.
- Ang mga nangungupahan na nahihirapan magbayad ng singil sa paggamit ng tubig ay dapat makipag-usap sa kanilang Housing Manager upang ayusin ang paraan ng pagbayad.
- Ang mga nangungupahan ay dapat magbayad ng direkta sa MAH at hindi sa awtoridad ng tubig.

### Ano ang ginagawa ng MAH upang bumaba ang konsumo ng tubig sa kanilang mga ari-arian?

Ang MAH ay nagkakabit ng mga aparato sa pagtitipid ng gamit ng

tubig sa kanilang mga ari-arian kung posible, bilang bahagi ng kanilang pagpapanatili ng kagamitan. Ito ay para sa benepisyo ng mga nangungupahan at ng kapaligiran.

### Paano kung gusto kong mag-apila o magreklamo tungkol sa singil sa paggamit ng tubig?

Ang mga nangungupahan ay maaaring mag-apila ng desisyon tungkol sa singil sa paggamit ng tubig sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang Housing Manager sa **1800 269 672** o sa pagkumpleto ng MAH Appealing a Decision Form. Ang factsheet ukol dito ay makikita at madodownload galing sa aming website sa **www. missionaustralia.com.au/ housing**

Sa NSW, ang mga alitan ukol sa serbisyo ng awtoridad ng tubig ay isasangguni sa **Energy and Water Ombudsman New Southwales, www.ewon.com.au**


## Contact us

**Mission Australia Housing**
580 George Street
Sydney NSW 2000

1800 269 672

missionaustralia.com.au